

# PROLOGUE

*Napakagandang mga bata. Titig na titig ang estranghero sa dalawang sanggol na nasa loob ng crib. Puno ng inggit ang kanyang mga mata. I could have been your father. Hindi niya napigilang hawakan ang maliit na kamay ng isang sanggol. Nakangiti ito sa kanya at puno ng kainosentehan ang mga mata habang ang isa ay himbing na himbing sa pagtulog.*

Inilibot niya ang paningin sa loob ng kuwarto ng dalawang sanggol, pulos karangyaan ang masasalamín sa bawat bahagi ng silid. Mula sa kanyang kinaroroonan ay dinig na dinig niya ang kasayahang nagaganap mula sa ibaba. Sa pagkaalala kung para saan ang selebrasyon ay muli siyang nakaramdam ng di-matatawarang kirot at hapdi sa kanyang puso.

Bago pa lumalim ang kanyang pagbabalik-tanaw ay muli siyang bumaling sa crib ng dalawang bata. Ang gising na sanggol ay kumakawag-kawag na animo nilalaro ng anghel. Ilang sandali niyang nilaro ito hanggang sa makarinig siya ng mga yabag ng mga taong pumapanhik ng hagdanan. Bago lumabas ng verandah kung saan siya palihim na dumaan kanina ay umusal muna siya ng paghingi ng tawad. Maingat na nakalabas siya ng mansion nang walang nakakapansin. Hindi pa man niya napapaandar ang kanyang kotse ay pumunit na sa kalaliman ng gabi ang palahaw ni Aurora.

# 1

“How do like the place, Meharra?”

Nilingon ng dalaga ang ama na palapit sa kinaroroonan niya. Nakaupo siya sa bench paharap sa dagat. Umuwi silang mag-anak sa probinsya ng ama dahil naratay ang kanyang lola sa matinding karamdaman at kalaunan ay namatay. Ilang araw pa lamang naililibing ang mga labi nito.

“It’s beautiful here, Dad. I’ve never seen this kind of view in Chicago. At fresh ang hangin,” nangingiting sagot niya sa amang si Rodolfo Lacostales. Matatas siyang mag-Tagalog dahil nag-uusap sila gamit ang native tongue.

“I’m glad you like it here. Pati ang kapatid mo ay nawiwili sa pagkain ng lutong Pinoy.”

“Yeah, and Tita Alicia seems to like this place, too,” dagdag niya. Si Alicia Williams ay asawa ng kanyang ama.

Ayon sa kuwento ng matandang lalaki, namatay sa panganganak ang kanyang ina kaya hindi na niya ito nakagisanan pa. Sampung taong gulang siya nang muling mag-asawa ito, kay Alicia.

Unang kita pa lamang nila ng babae ay nagkasundo na kaagad sila, kaya nang magpaalam si Rodolfo na mag-aasawang

muli ay hindi siya tumutol. Simula nang dumating ang babae sa buhay ng kanyang ama ay ibang sigla at kasiyahan na ang umanib dito. Palagi itong maagang umuuwi at mas madalas na silang mamasyal. Hindi kagaya noon na madalas niya itong nahuhuling malungkot habang nakatingin sa kawalan. Minsan pa nga ay nahuli niya itong nakatitig sa isang larawan ng babae habang umiiyak. Inisip na lamang niyang iyon ang kanyang ina.

Nagkakilala ang mga ito sa Chicago nang magdesisyong doon na maninirahan si Rodolfo. Isang half-Filipino, half-American si Alicia at nagtatrabaho noon sa isang bangko. Ang kanyang ama ay dating miyembro ng *Chicago Police Department* bago lumipat sa *Federal Bureau of Investigation*. Dati itong agent ng *National Bureau of Investigation* sa Pilipinas. Nauna itong nagtrabaho sa *CPD* dahil kailangan muna itong maging American citizen para makapasok sa ahensyang iyon ng US government. Nag-submit ito ng application sa *FBI* Chicago at masuwerteng natanggap.

Sa Amerika na siya lumaki at nagkaisip.

“Dad...”

“Yes?”

“Would you let me stay here for a month? I want to spend some time here and visit some place. What do you think?”  
Nilingon niya ito at nabasa sa mukha nito ang pagtutol.

“I think that’s not a good idea, Meharra. May trabaho kang naghihintay sa ’yo sa Chicago. At ang ilang panahong pagkawala

mo sa ahensya ay malaking kawalan na.” Bahagyang tumigas ang tinig nito na lubha niyang ipinagtaka ngunit nagsawalang-kibo na lamang siya.

She was working for *Central Intelligence Agency*, as an agent. Dahil idolo niya ang ama, pinasok din niya ang larangan nito. Mag-aapat na taon na siyang kabahagi ng agency. She loved adventure and she was enjoying her job so much.

“Dad, I’ve been working my ass off for almost four years, and it’s only now na humingi ako ng time upang magpahinga. It’s about time I enjoy the fruit of my labor. Come on, I’m a *CIA* agent, a good one for that matter, so you don’t have to worry about me.” Inakbayan pa niya ito na animo magkaibigan lamang sila. Gawi na niya iyon kapag naglalalambing sa ama. She was a daddy’s girl eversince she was a kid kaya habang lumalaki siya ay nagmistulang naging anino siya nito. Malalim itong nag-isip bago humugot ng isang malalim na buntong-hininga.

“Okay, if that’s what you want,” laglag-balikat na turan nito.

“Oh, thank you! You’re really the best dad.” Hinagkan niya ito sa pisngi.

---

“Yes, Tita.” Tumiim ang expression sa mukha ni Lance habang kausap si Doña Aurora. “I promise once I found her, ako na muna ang bahala sa kanya. Hindi ko siya dadalhin sa inyo nang hindi natuturuan ng leksyon. I will update you from time

to time. 'Bye.'"

"So what is it this time, Lance? Ano na nama'ng ginawa ni Victoria?" curious na tanong ng kaibigan niyang si Philip.

Imbis na sumagot kaagad ay nahahapong umupo muna siya sa kanyang swivel chair at humugot ng malalim na buntong-hininga.

"She ran away. Naglayas siya nang malamang hindi ako pumayag na magpakasal sa kanya. Look at how immature she can be. Nag-iwan pa siya ng note na hindi daw siya babalik hangga't hindi ko ipapaanunsyo sa telebisyon at diyaryo ang nalalapit naming kasal," naiiling na sabi niya.

Sakit talaga sa ulo niya ang dalaga. Victoria was the only daughter of Doña Aurora and Don Armado, his parents' best friends. He knew Victoria since time immemorial. Apat na taon lang ang agwat ng kanilang edad. Maganda sana ito ngunit dahil unica hija ay sunod ang layaw nito sa magulang. Literal na 'what Victoria wants, Victoria gets'. Masyadong malakas ang loob nito na ipagsigawan sa buong mundo na silang dalawa ang magkakatuluyan balang araw. She was beautiful and sexy, all right, pero turned off siya sa babaeng sarili lang ang pinapahalagahan. Napakataas din ng tingin nito sa sarili.

Noong nakaraang linggo lang ay sinabihan nito ang mga magulang niya na engaged na sila. Tinawagan tuloy siya ng ina at sinabihang mamanhikan na sila dapat kaagad.

“Ano ba kasi ang inaayaw mo sa kanya? Victoria is almost perfect. She’s beautiful, smart, sexy, rich, intelligent... ano pa ba ang hahanapin mo?” nagtatakang tanong ni Philip.

“She is overpossessive, super selosa, self-centered and spoiled. I need a wife, not a mannequin! Sasakit lang ang ulo ko kapag siya ang naging asawa ko. And besides, I’m enjoying my life as a bachelor. Hindi pa ako magpapatali sa kasal, not in the next ten years!”

“You sound so sure, Lance,” nakangising tugon nito.

“I am sure, Philip!” giit niya.

“So ano’ng plano mo?” untag nito mayamaya.

“I will hire the best private investigator to locate her. And when I found her—”

“You’re gonna marry her?” putol ng kaibigan sa kanyang sinasabi; may nakakalokong ngiti sa mga labi.

“I will wring her beautiful neck at itatapon ko siya sa *Ilog Pasig* at nang hindi na siya makaperhuwisyo pa.”

“Bakit kasi hindi mo na lang pakasalan at nang matigil na?”

“Hindi pa ako nasisiraan ng bait para magpakasal sa ganoong klase ng babae! Tingnan mo naman ang ginawa niya! Kapag may nagustuhan at hindi nakuha, maglalayas na lang? Ganoong klase ba ng babae ang gusto mong maging asawa ko?”

“Okay, okay. Relax. Wala na akong sinabi.”

“Saan mo siya hahanapin?” pagkaraan ng ilang segundong katahimikan ay tanong nito.

“I have no idea. I have to ask all her friends at baka sakaling may mapiga akong impormasyon sa mga iyon. Right now, I have to call up some agency for the private investigator.”

Naiiling na pinagmasdan ni Philip ang matalik na kaibigan na animo tumanda ng higit sa edad nito. Hindi niya masisisi si Victoria kung nahumaling man ito kay Lance; nasa kaibigan na yata niya ang lahat ng katangiang pinapangarap ng isang babae. Kung sakaling magkakatuluyan ang dalawa ay walang dudang maraming babaeng luluha.

---

“Buti naman at naisipan mong sumama sa akin sa party na pupuntahan natin, Meharra.”

Mula sa kalsada ay nilingon niya ang pinsang si Leira na siyang umookupa ng passenger seat ng kotse. Papunta sila sa isang party kung saan inimitahan ito ng dating kaklase noong kolehiyo.

“Naman, Pinsan. Tatlong araw pa lang ako sa Iloilo pero I’m super bored already. Wala naman halos ’yung mga pinsan nating mga kaedad natin. Lahat pala sila ay nagtatrabaho sa ibang lugar at puro matatanda na ang kasama ko d’un. Wala namang nag-

volunteer na maging tour guide ko kaya I decided na pumasyal sa 'yo," kuwento niya.

"Mabuti naman kung gan'un. At least, dito sa Maynila ay marami kang mapupuntuhang lugar na kahit sa Chicago ay wala." Ngumiti ito sa kanya. "Alam mo, MJ, natutuwa ako sa 'yo kasi marunong kang mag-Tagalog at saka hindi ka maarte. Hindi kagaya n'ung ibang kamag-anak natin na nakatungtong lang sa ibang bansa, akala mo ay kung sino na kung makaasta." 'MJ' ang nakasanayan nitong itawag sa kanya, dahil para raw pangmatanda ang 'Meharra' at hindi bagay sa kanya.

"Sa bahay ay Tagalog ang usapan namin. 'Tapos si Tita Alicia ay half-Filipino din kaya walang problema. Pati si Jayjay ay marunong ding mag-Tagalog." Ang huli ay ang half-brother niya.

"Mabuti naman at nakasundo mo si Tita Alicia."

"Mabait si Tita, parang tunay na anak na ang turing niya sa akin. Mas kinakampihan pa nga niya ako kaysa kay Daddy. Mas kinukunsinti niya ako," natatawang hayag niya.

"Itabi mo na d'yan sa pulang gate," anito mayamaya.

Inihinto niya ang kotse nito sa gilid ng gate na itinuro nito.

"Mukhang big time ang schoolmate mo na 'yan, Leira." Napuna niyang marami nang mga mamahaling sasakyan ang nakaparada sa parking area ng naturang bahay, kung bahay ngang matatawag iyon. Dahil para sa kanya ay 'mansion' ang



dapat itawag doon.

“Naku, mayaman talaga si Weena. Gusto lang talaga niyang mag-aral sa *U.P.* dahil kahit sila, malapit iyon sa mga mahihirap na kagaya ko. Ipapakilala kita sa kanya mamaya. Halika nang bumaba.” Nang makahanap nang maayos na parking ay sabay na silang bumaba ni Leira. Nang hustong makapasok sa loob ay namangha pa siya lalo dahil di-hamak na mas mabongga ang loob ng mansion. At ang mga bisita ay nagpapatalbugan sa mga mamahaling alahas at magagandang gown na suot. Para bang ipinangangalandakan na, ‘I’m rich!’

“Are you okay?” tanong sa kanya ng pinsan.

“Y-yeah. Hindi lang ako sanay sa mga ganitong party. To be honest, Lei, this is the first party I have been to for the last three years,” nailing pang amin niya.

“Don’t feel uneasy. You looked very beautiful. Bilib nga ako sa ’yo dahil kahit hindi ka mag-effort, maganda ka pa din. Napaka-unfair talaga ng buhay. Ako na wala nang ibang ginawa kundi magpaganda, eh, halos wala pa ring epekto. Pero heto ka, kahit hindi ka mag-effort, ang ganda-ganda mo pa rin.”

Natawa na lamang siya sa sentimyento nito.

“And besides, MJ, hindi lang dapat martial arts at weaponry expertise ang nasa utak mo. You are here in the Philippines, hindi ka *CIA* agent dito. Isipin mo na lang na on vacation ka. Isang buwan lang ang bakasyon mo kaya i-enjoy mo na to the fullest.”

“Amen. Okay. I will enjoy the night. You don’t have to worry about me, Leira. I can take care of myself, go and mingle with your friends,” aniya nang makita niyang kinakawayan ang pinsan ng mga dati nitong kamag-aral.

“Come on, ipapakilala muna kita sa mga classmates ko.”

“Later, Lei, maglilibot muna ako sa buong bahay. I will make sure the whole place is secured. Alam mo naman usually sa mga party na ganito, may mga nagbabalak na masama.”

Nakita niyang maarteng itinirik nito ang mga mata paitaas. “There you go again. You’re on vacation, remember?”

“Can’t help it, Lei, it’s in the blood already. Go now, I will secure the place.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya at binagtas ang daan sa likod ng bahay.

Ilang minuto ring nilibot ni Meharra ang paligid ng mansion. Nang masigurong walang panganib ay nagpasya siyang tunguhin ang bar. Habang naglalakad ay inililibot niya ang paningin sa bawat mesa, ngunit hindi niya matagpuan si Leira. Napansin niyang napapaligon ang mga tao sa kanya, mapa-lalaki man ito o babae. Dahil wala siyang dalang gown na maaaring isuot sa mga ganitong klaseng pagtitipon ay pinahiram na lamang siya ni Leira ng gown. Mas malaking bulas siya kaysa sa pinsan kaya ang gown nito ay hapit sa kanya, ngunit imbis na maging suman ang kanyang hitsura ay mas naging sexy pa ang dating ng damit noong suot na niya. Asul iyon na umabot hanggang sa kanyang tuhod.

Gawa ang tela sa malambot na klase kaya kapag naglalakad siya ay sumusunod ang damit sa bawat galaw ng kanyang balakang. Halter type iyon kaya exposed ang kalahati ng kanyang likod. Hinayaan niya lamang na nakaladlad ang kanyang mahabang buhok, giving her a more seductive look.

Kaysa pansinin ang mga naiintrigang tingin ng mga bisita ay dumerecho na lang siya sa bar.

“Any red wine, please,” aniya sa bartender na naroon bago marahang ngumiti. Ilang sandali muna itong napatitig sa kanya bago ibinigay ang alak na hinihingi. At kahit may kausap na itong iba ay napapagawi pa rin ang tingin nito sa kanya. Gusto na niyang mairita sa ka-weird-uhan ng mga tao sa lugar na iyon. Mukhang tao naman siya at hindi nalalayo ang hitsura sa mga naroroon ngunit kung makatingin ang mga ito ay para siyang alien.

“Oh, look who’s here.”

Sa lakas ng boses-lalaking nagsalita ay napatingin siya rito. Nakaupo ito sa high stool na nasa tabi niya. Dahil hindi niya ito kilala, ibinalik niya ang tingin sa kanyang harapan habang tinutunga ang hawak na alak.

“Akala ko ba, hindi ka magpapakita sa mga tao hangga’t hindi nagpo-propose ng kasal si Lance sa ’yo, Victoria? Where is your word of honor?”

“Are you talking to me?” takang tanong niya habang

nakaturo ang isang daliri sa sarili. Nilinga pa niya ang paligid kung may iba pang taong malapit sa kanila. Ngunit bukod sa dalawang bartender ay sila lamang ng lalaki ang nasa counter.

“Of course! Who else do you think? Come on, Victoria, ano na namang laro ang nasa isip mo, ha?” Akmang hahawakan siya nito kaya on instinct ay iniwas niya ang braso. Kumunot ang noo nito sa dahil kanyang inakto.

“I think you mistook me for someone, excuse me.” Dali-dali siyang tumayo upang umalis na sa bar. Sobrang naguguluhan na siya sa inaakto ng mga tao sa pagtitipon na iyon.

“Wait, Victoria....” Nakakadalawang hakbang pa lamang siya nang haklitin nito ang kanyang braso. Awtomatikong umigkas ang kamay niya upang pilipitin ang braso nito. Kung may barrel lamang siya nang mga oras na iyon, baka nabaril na niya ito sa sobrang inis. “Damned shit, Victoria! Let go of my hand,” he said under gritted teeth. Binitawan niya ito sa pasalyang paraan. Galit na hinimas-himas nito ang nasaktang braso.

“I am *not* Victoria!” asik niya bago ito muling tinalikuran at nagmamadaling binagtas ang daan palabas ng mansion.

Tatawag na lamang siya kay Leira at sasabihing nauna na siyang umuwi. Hindi na niya matagalan ang mga pangyayari.

Nasa kalagitnaan pa lamang siya ng daan palabas ay may tatlong babae nang sumalubong sa kanya.

“Oh, my God! Victoria, what are you doing here? The last time we talked you’re somewhere in South. What made you changed your mind?” anang isa sa mga ito.

Ang balak niya ay lampasan ang grupo, ngunit humarang pa ang mga ito sa kanyang daanan.

“Changed my mind on what?” Gusto na niyang mag-freak out sa pinagsasabi ng mga kausap.

“I thought you are not gonna go out of your hiding unless Lance propose to you?” maarteng sabi ng isa pa.

“And look at you, how did you manage to look beautiful with a simple gown like that?”

“Parang may nabago sa katawan mo. You have a perfect body now. Kaya ka ba nawala ay dahil nagpa-body enhance ka? And your hair? Mas bagay sa ’yo ’yang hair mo.”

“Excuse me, I really have to go,” sabi niya bago mabilis na umalis sa harapan ng mga babae sa kabila ng protesta ng mga ito.

Para siyang hinahabol ng sampung tikbalang nang halos takbuhin niya ang gate palabas ng subdivision. Gulong-gulo ang kanyang isipan nang mga oras na iyon.

Could it be just a coincidence? Maaaring kahawig niya nga ang Victoria na iyon, but who the hell was Victoria?